

WARM-UP

- Ano ang paborito mong kuwento ng pag-ibig mula sa isang pelikula o libro? Ano ang pinakanagustuhan mo tungkol dito?
- Mayroon bang bagay na gusto mong hinahawakan o lagi mong dinadala dahil nagiging ligtas at payapa ang pakiramdam mo dahil dito? Magkuwento tungkol dito.
- Magkuwento tungkol sa isang panahon na may ginawa ka nang buong tapang dahil sa pagmamahal. Ano ang nangyari?

WORD ³¹Ngayon, kung iisipin natin ang mga bagay na ito, masasabi nating panig sa atin ang Diyos, at dahil dito, walang magtatagumpay laban sa atin. ³²Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait sa halip ay ibinigay para sa atin, tiyak na ibibigay din niya sa atin ang lahat ng bagay. **MGA TAGA-ROMA 8:31,32**

Hindi sinasabi ng mga pahayag na ito na kapag isinuko natin ang ating buhay sa Diyos, hindi na tayo magkakaroon ng mga kaaway. Sa halip, nagbibigay sila ng katiyakan na walang kaaway ang magwawagi laban sa atin dahil ang Diyos mismo ang lumalaban para sa atin. *Panig sa atin ang Diyos.* Ipinahayag Niya ang kabuuan ng Kanyang dakilang pag-ibig para sa atin sa pamamagitan ni Jesus, ang Kanyang Anak, na *hindi Niya ipinagkait sa halip ay ibinigay* para sa ating kaligtasan. Ngayon, titingnan natin kung ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 8 tungkol sa dakilang pag-ibig ng Diyos.

1 | Ang pag-ibig ng ng Diyos ay walang patid.

Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo, kahit dumanas pa tayo ng mga pagsubok, paghihirap, pag-uusig, gutom, kawalan, panganib, o maging kamatayan.

MGA TAGA-ROMA 8:35

Noong panahong isinulat ang liham na ito, ang mga mananampalataya ay dumaranas ng maraming paghihirap dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo. Subalit tiniyak sa kanila ni Pablo na sa lahat ng paghihirap na ito, nandoon ang Diyos na hindi kailanman hihinto sa pagmamahal sa kanila. Mahirap man ang sitwasyon, subalit ang Diyos ay tiyak na kasama nila sa lahat ng pasakit, maging sa kamatayan. Tayo rin ay may katiyakan na ang pag-ibig ng Diyos ay napapasaatin habang kinakaharap natin ang mga pagsubok at paghihirap. Anuman ang ating maging tugon, ang pag-ibig Niya ay hindi magbabago at hindi Niya tayo iiwan. Patuloy Niya tayong mamahalin at pangangalagaan upang maranasan natin ang walang hanggang kagalakan at kapayapaan sa piling Niya. Paano mo naranasan ang pag-ibig ng Diyos na walang patid?

2 | Ang pag-ibig ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng tagumpay.

³⁷*Pero kahit ganito ang kalagayan natin, kayang-kaya nating pagtagumpayan ito sa tulong ni Cristo na nagmamahal sa atin.*

³⁸⁻³⁹*Sapagkat natitiyak ko na walang makapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na ipinakita sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. Maging kamatayan o buhay, mga anghel o anumang makapangyarihang espiritu, ang kasalukuyang panahon o ang hinaharap, ang mga kapangyarihan, ang mga nasa itaas o mga nasa ibaba, o kahit ano pang mga bagay sa buong mundo ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos.* **MGA TAGA-ROMA 8:37-39**

Alam ni Pablo kung ano ang ibig sabihin ng pagharap sa lahat ng uri ng paghihirap at pagsubok (2 Corinto 11:23–29). Subalit ang lahat ng paghihirap ay lalo lamang nagpalakas ng kanyang paniniwala na walang anumang makapaghihiwalay sa kanya mula sa pag-ibig ng Diyos. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, magagawa nating magtagumpay. Nangangahulugan ito na magagawa nating mapagtagumpayan ang mga pagsubok at paghihirap. Ang Diyos na walang patid na umiibig sa atin ay may kakayahang tulungan tayo, bigyan tayo ng kalakasan na kailangan natin, tulungan tayong makaahon, at gawin tayong higit pa sa mga nagwawagi. Ano ang sinasabi ng Deuteronomio 20:4 tungkol sa tagumpay ng mga Israelita sa Diyos? Paano mo nararanasan ang ganitong uri ng tagumpay sa iyong buhay?

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Pag-isipan ang Mga Taga-Roma 8:31–39 at isulat ang mga ipinapakita sa iyo ng Diyos tungkol sa Kanyang pagmamahal. Ipanalangin na babaguhin nito ang paraan mo ng pagtugon sa mga pagsubok.
- Ibahagi ang pag-ibig ng Diyos sa isang kaibigan o kapamilya na hindi pa nagsusuko ng kanyang buhay kay Jesus. Ipanalangin na tunay nilang maranasan ang Kanyang pag-ibig at na magagawa nilang tumugon dito.
- Hingin sa Diyos ang pagkakataon upang maipakita ang Kanyang pagmamahal sa mga tao na kakilala mo. Ipanalangin ang mga bagay na maaari mong gawin o salitang maaari mong sabihin upang palakasin ang kanyang loob.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang dakilang pagmamahal na nagbibigay sa iyo ng kakayahan upang magtagumpay laban sa lahat ng pagsubok at paghihirap. Ipanalangin na patuloy mong makikilala ang Diyos at ang Kanyang dakilang pagmamahal sa iyo.
- Ipanalangin ang isang kapamilya o kaibigan na dumadaan sa isang pagsubok na magkaroon ng mas malawak na pagkakaunawa sa lalim ng pagmamahal ng Diyos. Ipanalangin na magkaroon siya ng lakas ng loob at maranasan ang tagumpay dahil dito.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang tao na maaari mong mapalakas ang loob ngayong linggo. Ipanalangin na maranasan ng taong ito ang katotohanan ng pagmamahal ng Diyos.

NOTES